IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

**PILIPINO A1 – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A1 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A1 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Monday 10 May 2004 (afternoon)
Lundi 10 mai 2004 (après-midi)
Lunes 10 de mayo de 2004 (tarde)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a commentary on one passage only. It is not compulsory for you to respond directly to the guiding questions provided. However, you may use them if you wish.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Rédigez un commentaire sur un seul des passages. Le commentaire ne doit pas nécessairement répondre aux questions d'orientation fournies. Vous pouvez toutefois les utiliser si vous le désirez.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario sobre un solo fragmento. No es obligatorio responder directamente a las preguntas que se ofrecen a modo de guía. Sin embargo, puede usarlas si lo desea.

*Sumulat ng komentaryo sa isa sa dalawang sumusunod na textong pampanitikan. Hindi kailangang sagutin nang tuwiran ang mga gabay na tanong na inilaan dito. Gayunpaman, hinihikayat kayo na gamitin ang mga ito bilang panimula ng inyong komentaryo.*

**1.** (a)

N'ung bata pa kami, maliit lang ang bahay namin, sa Sampaloc. Siguro mga walong taon ako nang lumipat kami dito sa Fairview. Maliit rin lang ang pinagawang bahay nina Tatay at Nanay pero malaki ang *compound*. 'Yung bahay sa Sampaloc, pinaupahan na lang. Dito sa bagong bahay, sama-sama kami nina Kuya sa isang kuwarto, sa isang maliit na kuwarto naman si Ate, at sa isang kuwarto ang aking mga magulang. Wala pa kaming *helper* noon. At habang tumatagal, at habang lumalaki na kami, isa-isa na ring nagbago ang *structure* ng bahay. Nadagdagan ng mga kuwarto, nagkaroon pa nga ng isang kuwarto para sa mga bisita, inextend ang kusina, nagkaroon ng garahe sa gilid ng bahay, inayos ang harap ng bahay at ginawang garden, inayos din ang *laundry area* sa likod.

Nakalulungkot lang isipin na kung kailan lumalaki ang bahay ay doon naman unti-unting nawawalan ng laman ang bahay, isa-isang lumilisan ang mga miyembro ng pamilya.

At ang mga kapatid na dati-rati'y lagi kong kalaro ay naging sulat na lang sa e-mail, o boses sa telepono, o *message* sa *pager* o sa *text*, o maikling *note* sa isang pinilas na papel o kaha ng sigarilyo, o bisita sa bahay. At nakikilala ko na lang sila hindi na sa dati naming paraan ng araw-araw na pagsasama kundi sa kanilang mga *researches* o artikulo sa mga journal at magazin, o librong tinatapos, o pakikibakang isinusulong.

TAPOS NANG maghugas ng pinagkainan namin si Kuya Mat.

"Labas tayo, Kuya. Sandali lang, couples lang."

"Kaya nga ako umuwi ng maaga, para dito lang ako sa bahay."

Hindi ko na siya pinilit lumabas.

"Salamat, Kuya."

"Salamat saan?"

"Sa pagsama mo sa amin ni Nanay, *at least for two weeks*."

Ngumiti siya. "Kailangan ko rin kayo ngayon."

Natahimik ako sa sinabi niyang iyon.

"Hindi madaling mag-isa," dugtong niya habang nagsisindi ng sigarilyo. "Masarap mag-isa, pero hindi ganoon kadali iyon. Minsan, masarap bumalik sa dati mong bahay, lalo na kung alam mong may naghihintay pa sa iyo doon. Tama si Ate Nikki, mas mahirap kung alam mong hindi na buo ang babalikan mo."

"Balik ka na dito sa bahay."

Umiling siya. "Iba na'ng buhay ang kailangan ko."

Napakunot ako.

"Pero hindi ibig sabihin n'on, ayoko na sa bahay natin," habol niya. "Hindi na ako kasya dito."

Nakuha ko agad ang ibig niyang sabihin. Narinig ko na noon sa kaniya 'yung mga linyang iyon: hindi na ako kasya sa bahay, mas gusto ko nang mag-isa.

Pero lalo lang akong naguluhan. Bakit ba kung kelan lumalaki ang bahay, parang lalong hindi nagkakasya ang mga nakatira dito. Ayokong isiping darating ang panahong tuluyan nang mawawalan ng laman ang bahay na ito. Ayoko pang isipin 'yon. Pero kailangan ko nang paghandaan ang katotohanang iyon.

Masakit lang talagang isipin na darating din ang panahong ang matitira na lang sa bahay ay ang mga alaala ng mga dating nabuhay sa loob ng bahay na ito. Masakit lang isiping darating ang panahong ang bahay na pinundar nina Tatay at Nanay ay parang mawawalan ng saysay.

Nawawalan na ng buhay ang bahay, ang naiiwan na lamang ay mga gunita ng buhay.

Kung sa akin ay masakit iyon, tiyak na mas masakit iyon kay Tatay at kay Nanay. Si Tatay, hindi na niya mararamdaman iyon. Si Nanay, siya pa ang makakaramdam ng pait ng katotohanang iyon. At kapag si Nanay naman ang nawala, sino pa ang maiiwan sa bahay?

Ayokong tumira sa isang bahay na ang laman ay mga alaala na lang. Hindi ko iyon kakayanin. Pero masakit isiping kailangan ko ring tanggaping balang araw, ay aalis rin ako sa bahay na ito upang gumawa ng sarili kong bahay at buhay, para gumawa ng mga bagong alaalang gugunitain ng aking mga magiging anak. At 'yung bahay at buhay na ipupundar ko'y tiyak ring mawawalan ng hininga balang araw. Ano ang gagawin mo sa bahay na iniwan na ng buhay?

Lalo akong nalungkot sa mga naisip kong iyon.

"Kuya, habaan mo pa ang stay mo dito sa bahay."

Tiningnan lang niya ako sa sinabi kong iyon. Ngumiti siya sandali, lumapit sa aking kinauupuan, kinusot na naman ang buhok ko, tinapik ako sa balikat at umalis na sa kusina.

"Mag-aral ka na. Sabi mo, may exam ka pa bukas," sabi niya.

Eli Rueda Guieb III, *Bunso* (2003)

– Talakayin ang kahulugan ng bahay sa buhay at ugnayan ng mga myembro ng pamilyang nakatira dito. Anong pag-unawa (*insight*) ang naibabahagi ng obserbasyon na "kung kailan lumalaki ang bahay, lalong hindi nagkakasya ang mga tumitira dito?"

– Gaano kamabisa ang paggamit ng paunang tauhang punto de bista (*first person point of view*) para sa paglapat ng angkop na tono at pagbabahagi ng tema ng kwento?

– Sa iyong palagay, ano ang kabuluhan ng kwento?

**1.** (b)

Mga kababayan, ako, si Virgilio V. Vitug,
Nakasulat ng ilang tula sa isang panahon
Ang maglalahad sa inyo ngayon
Ng aking pinakahuling obra:
*The quick brown fox jumped over the lazy*
*dog near the stream. The quick brown fox jumped*
*over the lazy dog near the stream.*
Ngayong natunghayan na ninyo
Ang bunga ng aking pagharap sa makinilya
Hindi na kayo magpaparatang
Na may tali ang aking kamay
Sa panahon ng aking pananahimik.

Mga kababayan, di man kayo umiimik
Aking naririnig, nagaganap din sa aking isip
Ang inyong pag-uusig.
        Walang katuturan ang pagharap mo sa makinilya
        Pinapagod mo lang ang iyong daliri.
Hindi. May gusto akong sabihin.
        Bakit hindi mo sabihin?

Ipagpalagay na lang natin
Na sinasanay ko ang aking mga daliri.
Di n'yo ba napunang kabilang ang lahat ng letra
Sa salitang pinagsasanayan?
Mga letrang makapagpapasiya ng kaligtasan o kapahamakan,
Ng kayamanan o pagdarahop. Ng kaginhawahan o paghihirap.
        Huwag ka nang mangatwiran pa.
        Aminin mo nang hindi ka makata
        Pagkat walang anumang masabi.
Mayroon. Ako'y makata at marami akong masasabi:
The quick brown fox jumped over the lazy dog near the stream.
The quick brown fox jumped over the lazy dog near the stream.
The quick brown fox jumped over the lazy dog near the stream.

Pati sa sarili ko kaya'y
Takot na akong
Magsabi ng katotohanan?

        Oo.
        Wala ngang tali ang iyong kamay
        Subalit kailangan pang kalagin
        Ang buhol sa iyong isipan.

Virgilio V Vitug, *Ako si Virgilio V Vitug* (1980)

– Karaniwang ginagamit ang walang kahulugang pangungusap na "*The quick brown fox jumped over the lazy dog near the stream*" bilang isang ehersisyo ng mga nag-aaral magmakinilya (*typing exercise*) dahil nasa pangungusap ang lahat ng letra ng alpabeto. Sa tula, ano ang layunin at gamit ng paulit-ulit na pagbanggit nito ng isang makata bilang kanyang "obra"?

– Suriin kung paano inilahad sa tula ang tunggaliang nararanasan ng makata sa kanyang pagtangkang sumulat. Nalutas ba ang problemang ito?

– Ano, sa iyong palagay, ang kabuluhan ng tula sa paglilinaw ng tungkulin ng manunulat sa lipunan?